


# KUNG BAKIT GUSTONG SAKUPIN NG TSINA ANG
# SOUTH CHINA SEA




HIGIT SA KALAHATI NG KALAKALANG PANDAIG-DIG SA DAGAT (SEABORNE TRADE) ANG DUMARAAN SA SOUTH CHINA SEA.
HALAGA: 5.3 TRILYONG DOLYAR KADA TAON
NAIS NG TSINA NA GAWING KUBLIHAN PARA SA MGA SUBMARINO NITONG MAY ARMAS NUKLEYAR ANG SOUTH CHINA SEA UPANG MAGING MALAYA SILA MULA SA PAGMAMANMAN NG SASAKYANG PANGHIM-PAPAWID AT SUB-MARINE NG US.
GUSTO NG TSINA NA MAGKAROON NG SECOND-STRIKE* NUCLEAR CAPABILITY UPANG MAPABILANG SA RANGGO NG US AT RUSSIA.
Maaaring gu-manti ang isang may kapangyarihang nukleyar gamit ang mga submarine nitong may mga nuclear-armed ballistic missile kapag ang mga armas nukleyar nitong nakahimpil sa lupa ay nasira dahil sa pre-emptive first strike* ng isang kaaway nito na may kapangyari-hang nukleyar din.
TALAGANG NAPAKAHALAGA NG SOUTH CHINA SEA SA TSINA KAYA GAGAWIN NIYA ANG LAHAT
UPANG MAAGAW, MAKUHA, MAKONTROL, AT MASAKOP ITO.
CHINA
HAINAN
SOUTH CHINA SEA
AT MANG-YAYARI LAMANG ITO SA PAMAMAGITAN NG KANIYANG DAHAN-DAHANG EKSPANSIYO-NISMO AT PAGSAKOP SA DAGAT.
WPS


ANG TSINA ANG PINAKAMALAKING MANG-AANGKAT NG PETROLYO SA MUNDO.
OIL
MAYROONG 130 BILYONG BARILES NG LANGIS SA SOUTH CHINA SEA SA TANTIYA NG MGA TSINO…
AT KUNG SAKALING ITO AY TAMA, MAS MARAMI PANG LANGIS SA SOUTH CHINA SEA KUMPARA SA KUWAIT O UNITED ARAB EMIRATES.
10
15
18
20
21
22
MAAARING TUS-TUSAN NG RESERBA NG 130 BILYONG BARILES NG LANGIS ANG PANGA-NGAILANGAN SA LANGIS NG TSINA HANGGANG 22 TAON.
MAYAMAN DIN ANG SOUTH CHINA SEA SA METHANE HYDRATES*
NA SAPAT NAMANG PANG-GATONG NG TSINA PARA SA 130 TAON!
• One of the fuels of the future